

Pangalan: _____

Basahin at Unawain

Ms. Oti



Ang Batang Mabait

Si Luna ay isang mabait na bata. Tinutulungan niya ang kanyang nanay sa gawaing bahay. Ibinabahagi niya ang kanyang laruan sa kanyang kapatid. Palangiti siya sa kanyang mga kaibigan. Mahal siya ng lahat dahil sa kanyang kabaitan.

Mga Tanong:

1. Sino ang mabait na bata?

2. Sino ang tinutulungan niya?

3. Ano ang ginagawa niya sa laruan?

4. Paano siya makitungo sa kaibigan?

5. Bakit siya mahal ng lahat?

Pangalan: _____

Basahin at Unawain

Ms. Olt



Ang Batang Masipag

Si Lukas ay isang masipag na bata. Maaga siyang gumigising para maghanda sa paaralan. Tinutulungan niya ang kanyang ama sa pagwawalis. Lagi niyang tinatapos ang kanyang takdang-aralin. Dahil dito, siya ay pinupuri ng kanyang guro.

Mga Tanong:

1. Sino ang masipag na bata?

2. Anong oras siya gumigising?

3. Paano siya tumutulong sa kanyang ama?

4. Ano ang lagi niyang tinatapos?

5. Sino ang pumupuri sa kanya?

Pangalan: _____

Basahin at Unawain

Ms. Olt



Ang Batang Matapat

Si Carlo ay isang matapat na bata. Kapag may nakita siyang pera, ipinaalam niya ito sa guro. Hindi siya nagsisinungaling sa kanyang mga magulang. Inaamin niya ang kanyang pagkakamali. Dahil dito, pinagkakatiwalaan siya ng lahat.

Mga Tanong:

1. Sino ang matapat na bata?

2. Ano ang ginagawa niya kapag may nakikitang pera?

3. Nagsisinungaling ba siya?

4. Ano ang ginagawa niya kapag nagkakamali?

5. Bakit siya pinagkakatiwalaan?

Pangalan: _____

Ms. Oti

Basahin at Unawain



Ang Batang Magalang

Si Dina ay isang magalang na bata. Sinasabi niya ang “po” at “opo” sa matatanda. Nagmamano siya sa kanyang lolo at lola. Nakikinig siya kapag may nagsasalita. Dahil dito, siya ay dapat tuluran.

Mga Tanong:

1. Sino ang magalang na bata?

2. Anong salita ang ginagamit niya sa matatanda?

3. Ano ang ginagawa niya kapag nakikita sina lolo at lola?

4. Nakikinig ba siya sa iba?

5. Bakit siya dapat tuluran?
